# Philippine Biblical Worldview Institute

**Certificate in Biblical Studies**
**BS200 Ang Mga Patriarchs**

## CBS206 Sambahayan ni Jacob

**Conrad Jun Tolosa**

### *Jacob sa Haran*

Nilisan ni Jacob ang Beersheba at nagtungo sa Haran. Inabot siya ng gabi kaya siya natulog sa isang lugar na kanyang tinawag na Bethel. Nanaginip siya na may hagdan patungo sa langit. Sa dulo noon ay nakatayo ang Panginoon. Ito ang sinabi ng Panginoon kay Jacob:

Ako ang Panginoon, ang Diyos ng iyong lolo na si Abraham, at ang Diyos ng iyong ama, na si Isaac. Ang lupa na iyong hinigaan ay pagmamay-ari mo. Ibinibigay Ko ito sa iyo at sa iyong mga inapo. Ang iyong mga inapo ay magiging kasing dami ng alabok ng lupa! Sila ay kakalat sa lahat ng direksyon — sa silangan at kanluran, sa hilaga at timog. At ang lahat ng mga pamilya sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan mo at ng iyong mga inapo. At sasamahan kita, at poprotektahan kita saan ka man tumungo. Balang araw ibabalik kita sa lupaing ito. Hindi kita iiwan hangga't hindi Ko natatapos ibigay sa iyo ang lahat ng Aking pinangako. Genesis 28:13-15

Ito naman ang ginawang panata ni Jacob: Kung talaga na ang Diyos ay kasama ko at proprotektahan Niya ako sa aking paglalakbay; at kung paglalaanan Niya ako ng pagkain at damit; at kung ibabalik Niya ako sa tahanan ng aking ama, kung ganoon, Siya ang aking magiging Diyos.

Itong memorial pillar na aking itinayo ay magiging lugar ng pananampalataya, at pagkakalooban ko Siya ng ikapu ng ibibigay Niya sa akin. (Genesis 28:20-22)

### *Love at First Sight*

Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglalakbay patungo sa bayan ng kanyang tiyuhin na kapatid ng kanyang inang si Rebekah. Sa wakas narating niya ang lupain ng mga taong taga-silangan. Mayroong mga nagpapastol ang naratnan niya doon. Sinabi ng mga pastol na taga-Haran na kinakausap ni Jacob na si Rachel na anak ni Laban ay papalapit sa balon ng tubig. Nilapitan niya agad ang dalaga at hinagkan, at tuloy nagpakilala siya na kamag-anak. Pinuntahan agad ni Rachel ang kanyang amang si Laban na natuwa sa mga kuwento ni Jacob tungkol sa kanyang buhay.

Matapos ang isang buwang pamamalagi ni Jacob, sinabihan siya ni Laban na dapat ay tumanggap ng sahod si Jacob bilang paglilingkod sa kanya. Na in-love agad si Jacob kay Rachel kaya willing siya na maglingkod kay Laban ng pitong taon para sa kamay ng dalaga. Pumayag si Laban.

Nanilbihan si Jacob ng pitong taon kay Laban upang mapangasawa niya si Rachel. Pagdating ng takdang araw, hiningi na ni Jacob kay Laban si Rachel. At nagkaroon nga ng kasalan. Subalit, kinagabihan, ang ibinigay ni Laban kay Jacob ay si Leah na mas matandang kapatid ni Rachel sapagkat hindi nila kaugalian na maunang mag-asawa ang mas nakababatang kapatid.

Paggising ni Jacob ng kinaumagahan, nalaman niya na si Leah ang kasiping niya at hindi si Rachel. Hinarap ni Jacob si Laban. Makalipas ang isang linggo, ibinigay din ni Laban kay Jacob si Rachel subalit kinailangang maglingkod muli si Jacob kay Laban ng pitong taon. Napaglalangan si Jacob!

Hindi maaaring magreklamo si Jacob sa panlilinlang na ginawa sa kanya ni Laban sapagkat ganoon rin ang ginawa niya kay Esau nang paglinlangan niya ang kanyang amang si Isaac, kaya niya nakuha ang mana na nararapat sa panganay.

Sinabi ni Jesus sa Matthew 7:12 na: *Gawin mo sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo. Ito ang kakanyahan ng lahat na itinuturo sa batas at ng mga propeta*. Ito ang tinataguriang Golden Rule sa ating panahon.

Binibigyang halaga mo ba ang mga katuruan ni Jesu Cristo? Alam mo ba ang mga gabay sa buhay na Kanyang pinangaral habang nandirito Siya sa lupa, na sa ngayon ay matutunghayan sa Bibliya?

### *Ang Sambahayan ni Jacob*

Nakita ng Lord na si Leah ay hindi nakatatanggap ng pagmamahal. Biniyayaan ng Lord si Leah. Nagkaroon ng mga anak sina Jacob at Leah. Pinangalanan nila ang mga ito na *Reuben, Simeon, Levi* at *Judah*. Dahil siya ay baog, nainggit si Rachel kay Leah kaya ibinigay niya ang kanyang alipin na si Bilhah kay Jacob upang sipingan. Nagkaanak si Bilhah – sina *Dan* at *Naphtali.* Ibinigay naman ni Leah ang kanyang alipin na si Zilpah kay Jacob. Dalawa ang naging anak ni Zilpah, sina *Gad* at *Asher*. Ang pang-lima at pang-anim na anak nina Jacob at Leah ay sina *Issachar* at *Zebulun*. Pagkatapos nito ay ipinanganak si *Dinah*. Biniyayaan din ng Panginoon sina Jacob at Rachel ng anak – si *Joseph*. Later on, manganganak ulit si Rachel at pangangalanan niya ang sanggol na *Benjamin*.

Ang mga anak na lalaki ni Jacob ang bumuo ng twelve tribes of Israel. Darating ang panahon na sila ang mag-o-occupy ng lupain na pinangako ng Panginoon kay Abraham.

### *Ang Kaunlaran ni Jacob*

Nang maipanganak ni Rachel si Joseph, ginusto na ni Jacob na umuwi sa sariling tahanan at bayan, sa lupain ng kanyang ama na si Isaac. Sinadya niya si Laban upang magpaalam. Subalit hindi pumayag si Laban sapagkat napagtanto niya na siya ay napagpapala dahil kay Jacob. Kaya nakipag-deal siya sa manugang upang magpatuloy siya sa paglilingkod sa kanya. Pumayag si Jacob sa isang kasunduan.

Sa panahon ng patuloy sa paglilingkod ni Jacob kay Laban, minabuti ng Panginoong Diyos na biyayaan at paramihin ang mga alagang kambing at tupa ni Jacob. Sa kabila ng ilang ulit na panlalamang ang ginagawa ni Laban, hindi napigilan ang niloob ng Diyos na paunlarin ang kabuhayan ni Jacob.

Malaking pagpapala ang tinamo ni Lot sa pagiging pamangkin ni Abraham. Malaki ring pagpapala ang tinamo ni Ishmael dahil siya ay anak ni Abraham. Malaking pagpapala ang tinamo ni Laban dahil sa paglilingkod sa kanya ni Jacob.

Ikaw ba ay pinagpapala ng Diyos, at nagiging pagpapala sa ibang tao? Ikaw ba ay palabigay o palahingi?

***Multiple Choice:***

1. Gaya ni Jacob, marahil tayo rin ay gumawa na o gumagawa ng panata sa Diyos. Ano ang dapat na tamang motibo sa paggawa ng panata sa Diyos?
   a. Upang makamtam ang aking kahilingan.
   b. Upang mas maging malapit ako sa Kanya.
   c. Sapagkat Siya ang aking Diyos na nagbigay ng buhay sa akin.

2. Sa paanong paraan naging applicable kay Jacob ang sinabi ng Panginoong Jesus sa Matthew 7:12?
   a. Biniyayaan ng Diyos si Jacob kaya't nakatanggap din si Laban ng biyaya.
   b. Nilinlang ni Jacob ang kanyang ama na siyang ginawa rin sa kanya ni Laban.
   c. Iningatan ng Diyos si Jacob at na-extend ito kay Laban.

3. Sino-sino ang mga anak nina Jacob at Leah?
   a. Dan, Naphtali at Dinah
   b. Gad, Asher at Zebulun
   c. Reuben, Simeon, Levi at Judah

4. Nagiging pagpapala tayo sa ibang tao:
   a. sa pamamagitan lamang ng pagbibigay sa kanila.
   b. kung sila ay nakakapitas ng bunga mula sa ating buhay.
   c. kapag pinapautang natin sila.

5. Ang katapatan ni Cristo sa Kanyang mga pangako sa ating buhay ay nakadepende sa ating pagsunod sa Kanya.
   a. True
   b. False

© Revised May 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.